

A veterinarian in a white coat is holding three small brown and white puppies. The veterinarian's hands are visible, supporting the puppies. The background is a clinical setting with a stethoscope visible on the veterinarian's chest.

Kodigo Ng Pag-Uugali

Ang Paraan Natin Ng
Pakikipagnegosyo

zoetis



Isang Mensahe mula sa Ating CEO

Minamahal na mga Kasama,

Ang layunin nating alagaan ang ating mundo at sangkatauhan sa pamamagitan ng pagsusulong ng pangangalaga sa mga hayop ay isang mapag-adhika at mapagpakumbabang gawain. Kinakailangan nito na itaguyod ng bawat isa sa atin ang pinakamataas na mga pamantayang etikal na pag-uugali sa negosyo araw-araw. Ipinagmamalaki ko ang malakas na kultura ng pagsunod batay sa ating mga Pangunahing Paniniwala at sa ating mahusay na nakamit na reputasyon para sa hindi nakokompromisong integridad sa negosyo—at gumagawa kayo ng kaibahan sa pagpapanatili nito.

Nakasalalay ang ating tagumpay sa inyong patuloy na personal na pagtutuon sa pagkilos nang may integridad habang tinutulungan ninyo kami na:

- Patakbuhin ang ating negosyo alinsunod sa ating mga Pangunahing Paniniwala—Laging Gawin ang Tamang Bagay; Gumagawa ang Ating Kasamahan ng Kaibahan; Nahuhumaling sa Kostumer; Patakbuhin Ito na parang Pagmamay-ari Mo; at lisa Tayo sa Zoetis.
- Lumikha ng halaga para sa ating negosyo at lipunan sa pamamagitan ng pagpapabuti sa kalusugan ng mga hayop; pagpapahusay sa pagpapanatili ng agrikulturang panghayop; at pagpapayaman sa buhay ng ating mga kostumer, kasamahan at pamayanan sa buong mundo.
- Makipagkumpitensya batay sa ating mga makabago, mataas ang kalidad na mga produkto at solusyon na tumutulong sa ating mga kostumer na mapangalagaan ang mga hayop at malutas ang kanilang mga pinakakinakailangan sa negosyo.

- Lumikha ng isang inklusibong lugar ng trabaho kung saan nararamdaman ng lahat ng mga kasamahan na pinahahalagahan sila, at kung saan ang kalusugan, kaligtasan at kapakanan ng ating mga tao ang pangunahing prioridad.
- Maihatid ang ating mga resulta sa negosyo nang alinsunod sa lahat ng naaangkop na mga batas at mga regulasyon.
- Tiyaking gumagana ang ating mga kasosyo nang may parehong mataas na antas ng etika at integridad.

Ang Ating Pamantayan ng Pag-uugali

Ang Pamantayan ng Pag-uugali ng Zoetis ang panimulang punto para sa pagsasabuhay sa ating Pangunahing Paniniwala na "Laging Gawin ang Tamang Bagay".

Umaasa ako sa bawat kasamahan sa Zoetis na basahin at gawin ang ating Pamantayan ng Pag-uugali. Bukod dito, mahigpit ko kayong hinihikayat na magtanong at magsalita kung may makita kayong anumang bagay na tila lumalabag sa ating mga pamantayan.

Nakatuon ang Zoetis Executive Team sa pagpapanatili sa isang kapaligiran kung saan kumportable ang lahat ng mga kasamahan na magtanong at maghain ng mga alalahanin sa anumang antas ng pamumuno nang walang takot sa paghihiganti. Mahigpit na ipinagbabawal at hindi naaayon sa ating kulturang inklusibo ang paghihiganti laban sa mga kasamahan na nagpapahayag ng mga alalahanin nang may mabuting hangarin kaugnay sa aktwal o potensyal na mga paglabag. Isa itong pangako na itinuturing ko na seryoso at personal.

Salamat sa inyong pangako na gumawa ng tama—sa pamamagitan ng pagkilos nang may integridad at alinsunod sa pinakamataas na mga pamantayan ng etikal na pag-uugali sa negosyo.

Taos-puso,

Kristin Peck
Zoetis Inc.
Chief Executive Officer



Ang Ating Mga Pangunahing Paniniwala

Kasama ang Mga Pangunahing Paniniwala ng Zoetis sa ipinangako natin sa ating mga customer, mamumuhunan, at third party na nakikipagtrabaho sa atin, at sa bawat isa bilang mga miyembro ng pangkat ng Nagkakaisang Zoetis.

Nagdadala ng pagbabago ang ating mga empleyado

Dahil sa ating mga empleyado, nakikilala sa kumpetisyon ang Zoetis. Napapalago natin ang ating kumpanya kapag lumilikha tayo ng lugar kung saan nakapagpapakita ng husay ang mga empleyado.

Gawin palagi ang tama

Integridad ang prinsipyong gumagabay sa lahat ng ating desisyon at pakikipag-ugnayan. Matapat at mapagkakatiwalaan tayo sa ating mga salita at kilos.

Nakatuon sa kapakanan ng customer

Lubos ang pagmamalasakit natin sa ating mga customer at sa mga hayop na inaalagaan nila. Priyoridad natin ang ating mga customer, at kapag nagtatagumpay sila, nagtatagumpay na din tayo.

Pangasiwaan ito na tulad ng may-ari

Itinuturing natin itong atin upang makapaghatid ng mga kinakailangang resulta. Patuloy tayo sa pagsisikap na magkamit ng mga mas mabilis, mas madali, at mas mahusay na paraan ng pakikipagnegosyo.

Tayo ay nagkakaisang Zoetis

Ang Zoetis ay mahigit pa sa pinagsama-samang mga bahagi nito. Sama-sama tayong nagtatrabaho nang may iisang layunin, nagbabahagin ng kaalaman at mga mapagkukunan para sa pinakamahusay na interes ng ating kumpanya sa kabuuan.

Talahanayan ng Mga nilalaman

Isang mensahe mula sa ating ceo	2
Ang ating mga pangunahing paniniwala	3

Ang ating mga responsibilidad	5
Alamin ang Iyong Kodigo ng Pag-uugali	6
Unawain ang Iyong Mga Responsibilidad	7
Magtanong at Mag-ulat ng Mga Alalahanin	8
Makipagtulungan sa Mga Awtoridad ng Pamahalaan	10

Ang ating mga empleyado	11
Paggalang sa Lugar na Pinagtatrabahuhan	12
Kalusugan at Kaligtasan	13
Pagkapribado ng Datos	14
Mga Salungatan ng Interes	15

Ang ating mga ugnayan sa customer at third party	16
Mga Batas sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Hayop at Mga Panregulatoryong Kinakailangan	17
Kalidad at Kaligtasan ng Produkto	18
Kapakanaan ng Hayop	19
Mga Pakikipag-ugnayan sa Mga Propesyunal sa Mga Regalo at Pagtanggap ng Bisita	20
Mga Pampromosyong Aktibidad	20
Mga Regalo at Paglilibang	21

Patas na Pakikipagtransaksyon sa Mga Stakeholder	22
Patas na Kumpetisyon	23

Ang ating kumpanya	24
Tumpak na Pagtatala at Pag-uulat ng Pananalapi	25
Kumpidensyal na Impormasyon	26
Pagprotekta sa Panloob na Impormasyon	27
Paggamit ng Mga Asset ng Kumpanya	28
Pagbibigay ng Pahayag sa Ngalan ng Ating Kumpanya	29

Ang ating mundo	30
Pagsisilbi sa Ating Mga Komunidad	31
Mga Karapatang Pantao	32
Pagpapanatili	33
Pagpigil sa Panunuhol at Katiwalian	34
Pandaigdigang Pakikipagkalakalan	35
Gawain sa Pulitika	36

Mga kapaki-pakinabang na mapagkukunan	37
--	-----------

Ang Ating Mga Responsibilidad

Kinikilala sa Kodigo ng Pag-uugali ang paninindigan ng mga empleyado sa pananaw na **Pangasiwaan Ito na Katulad ng May-ari** at pagkakaroon ng personal na pananagutan sa paghahatid ng mga kinakailangang resulta sa wastong paraan.

- Alamin ang Iyong Kodigo ng Pag-uugali
- Unawain ang Iyong Mga Responsibilidad
- Magtanong at Mag-ulat ng Mga Alalahanin
- Makipagtulungan sa Mga Awtoridad ng Pamahalaan



Alamin ang Iyong Kodigo ng Pag-uugali

Welcome sa ating Kodigo ng Pag-uugali. Binuo ang dokumentong ito upang matulungan kang mailapat ang ating Mga Pangunahing Paniniwala sa paraan ng ating pakikipagnegosyo sa araw-araw. Mapagkukunan ito ng mga pamantayan at inaasahan sa negosyo para matupad ng mga empleyado sa Zoetis na **Gawin Palagi ang Tama**.

Hindi tinatangka sa Kodigo ng Pag-uugali na masaklaw ang lahat ng sitwasyon, ngunit nagbibigay ito ng mahalagang tagubilin at nagtatakda ng mga malinaw na inaasahang makamit para sa paraan natin ng pakikipag-ugnayan sa ating mga customer, mga empleyado, at iba pang stakeholder. Makikita mo ang higit pang impormasyon sa Mga Patakaran at Pamamaraan ng Kumpanya ng Zoetis na nakapaloob sa buong Kodigo ng Pag-uugali at sa Website ng Patakaran ng Kumpanya ng Zoetis. Ang mga probisyon ng Kodigo ng Pag-uugali na ito ay karagdagan sa, at hindi nito binabago, pinapalitan, o ipinagpapawalang-bisa ang iba pang patakaran o pamamalakad ng Zoetis.

Dagdag pa rito, ang Kodigo ng Pag-uugali ay hindi nilalayong maging at hindi naglalaman ng kontrata sa pagtatrabaho sa pagitan ng Zoetis at mga nagtatrabaho rito. Bawat nagtatrabaho sa Zoetis ay kinuhang empleyado ng Kumpanya sa batayang kusang-loob na pamamasukan (maliban kung iba ang napagkasunduan sa kasulatan at napapailalim sa mga naaangkop na batas). Nangangahulugan ang kusang-loob na pamamasukan na hindi ginagarantiya ang pagtatrabaho sa anumang partikular na tagal ng panahon, at may nakalaang karapatan sa Kumpanya na wakasan ang pamamasukan ng indibidwal sa anumang oras nang mayroon o walang dahilan o

abiso. Ang kusang-loob na ugnayan ay hindi mababago ng anumang pagpapahayag sa publiko ng sinumang empleyado sa Zoetis kaugnay ng patuloy na pamamasukan.

Sino ang dapat sumunod sa kodigo ng pag-uugali


Ang lahat ng nagtatrabaho sa Zoetis ay dapat sumunod sa ating Kodigo ng Pag-uugali gayundin sa ating Mga Patakaran at Pamamaraan sa Kumpanya; at kabilang dito ang lahat ng empleyado, opisyal, at direktor. Ang Lupon ng Mga Direktor lang ang maaaring gumawa ng anumang kasulatang nag-uurong ng mga probisyon ng Kodigo ng Pag-uugali para sa mga executive na opisyal.

Inaasahan din natin sa sinumang kumikilos sa ngalan natin na magtatrabaho nang naayon sa ating Kodigo ng Pag-uugali. Kabilang dito ang ating mga pakikipag-ugnayan sa mga third party gaya ng mga ahente, consultant, kontraktor, distributor, supplier, at vendor. Maaaring isagawa ang mga naaangkop na hakbang kung hindi matutugunan ng isang third party ang ating mga pamantayan o ang kanilang mga obligasyong nasa kontrata.



Matuto pa:

- Patakaran sa Mga Kinakailangan ng Kumpanya



Unawain ang Iyong Mga Responsibilidad

- Kumilos sa propesyunal at etikal na paraan sa lahat ng pagkakataon. Tandaang sumasalamin ang iyong pag-uugali sa ating Kumpanya.
- Maging pamilyar sa impormasyong nakapaloob sa Kodigo ng Pag-uugali na ito, sa ating Mga Patakaran at Pamamaraan sa Kumpanya, gayundin sa iba pang patakaran at pamamaraan na maaaring nalalapat sa iyong trabaho.
- Lulat kaagad ang anumang pinaghihinahinalang ilegal o hindi etikal na pag-uugali gamit ang alinman sa mga mapagkukunan ng tulong na nakalista sa Kodigo ng Pag-uugali na ito.
- Tandaan, ang mga mabigat na trabaho o hinihinging kailangan dahil sa mga kalakaran sa negosyo ay hindi kailanman katwiran para lumabag sa batas, sa ating Kodigo ng Pag-uugali, o sa anumang patakaran ng Zoetis.

Mga karagdagang responsibilidad ng mga namumuno sa Zoetis


May mga karagdagang responsibilidad ang mga namumuno at supervisor upang matiyak na natutugunan natin ang ating matataas na pamantayan sa etika at pagsunod:

- Manguna sa pamamagitan ng pagiging ehemplo at maging huwaring modelo ng etikal na pag-uugali.
- Maging gabay para sa ibang mga kasamahan Talakayin sa mga kasamahan at sa ating mga third party na nakikipagtrabaho sa atin kung paano nalalapat sa kanilang araw-araw na trabaho ang Kodigo ng Pag-uugali.
- Lumikha ng kapaligiran kung saan pinahahalagahan ang katapatan, integridad, at pagiging bukas at kung saan kumportable ang lahat na magtanong at mag-ulat ng mga posibleng paglabag sa Kodigo ng Pag-uugali at/o sa anumang patakaran ng Zoetis.
- Gawin ang iyong tungkulin upang matiyak na walang sinuman na magsasalita ang makakaranas ng pagganti.

Paggawa ng tamang desisyon

Hindi palaging madali ang paggawa ng tamang desisyon. Magkakaroon ng mga pagkakataon kung saan maaaring mahirapan ka o hindi maging sigurado sa kung ano ang dapat gawin. Palaging tandaan na may mga mapagkukunan ng tulong na maaaring lapitan, kabilang iyong nakalista sa Kodigo ng Pag-uugali na ito.

Kapag nahaharap sa isang mahirap na desisyon, maaaring makatulong kung itatanong sa sarili ang mga sumusunod:



Kung ang sagot sa alinman sa mga tanong na ito ay “**Hindi**,” o kung hindi ka sigurado, **huminto** at **humingi ng tulong**.


Magtanong at Mag-ulat ng Mga Alalahanin

May responsibilidad ang bawat isa sa atin na tumulong sa pagprotekta sa reputasyon at integridad ng Zoetis. Mayroon tayong patakaran Bukas na Pinto (Open Door policy) na makakatulong sa pagtiyak na maipaparating ang mga alalahanin at tanong upang angkop na matugunan ang mga ito.

Kung may makita o mapaghinalaan kang ilegal o hindi etikal na pag-uugali, kabilang ang mga posibleng paglabag sa Kodigo ng Pag-uugali na ito, o kung may tanong ka o kailangan mo ng tulong sa pagpapasyang nauugnay sa etika o pagsunod, may ilang opsyon ka:

- Talakayin ang isyu sa iyong manager.
- Talakayin ang bagay na ito sa sinumang iba pang miyembro ng pangasiwaan, Human Resources, o sa Legal function
- Direktang makipag-ugnayan sa Compliance Office ng Zoetis:
 - Sa pamamagitan ng email: Compliance@zoetis.com
 - Sa pamamagitan ng koreo: 10 Sylvan Way, Parsippany, New Jersey 07054 Attention: Chief Compliance Officer

- Sa personal: 10 Sylvan Way, Parsippany, New Jersey 07054 o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iyong panrehiyong legal counsel.
- Sa anumang oras, maaari kayong makipag-ugnayan sa **Zoetis Safe to Say Helpline** sa pamamagitan ng telepono o online sa pamamagitan ng kasangkapan sa pag-uulat sa web.
 - Numero ng Zoetis Safe to Say Helpline (US at Canada): 1-855-322-9944**Mag-click dito** para malaman ang mga numero ng Zoetis Safe to Say Helpline para sa mga lokasyon ng Zoetis sa labas ng U.S. at Canada.



Paano gamitin ang compliance helpline

Ang ating Helpline ay isang kumpidensyal na paraan ng pag-uulat ng mga posibleng paglabag sa Pamantayan ng Pag-uugali, sa ating mga Patakaran at Pamamaraan sa Kumpanya, o anumang mga batas, panuntunan, o regulasyon. Maaari kayong makipag-ugnayan sa Zoetis Safe to Say Helpline 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Ang Zoetis Safe to Say Helpline ay pinapatakbo ng espesyal na sinanay sa Etika na ikatlong-partido at ng ating nakatuong mga Pangkat para sa Pagsunod at mga Relasyon ng Empleyado.

Kapag nakikipag-ugnayan kayo sa Zoetis Safe to Say Helpline, makikinig ang operator, magtatanong ng mga paglilinaw kung kinakailangan, at magsusulat ng buod ng ulat ng tawag. Ang buod ay ibibigay sa ating Opisina ng Pagsunod para sa pagtatasa at karagdagang aksyon.

Mahalagang magbigay ng maraming detalye hangga't maaari (hal., sino, ano, kailan, saan). Dahil maaaring kailanganin ng Pangkat ng Pagsunod o Pangkat sa mga Relasyon ng Empleyado ang karagdagang impormasyon sa panahon ng pagsusuri, bibigyan kayo ng numero ng ulat at hihilingin na tumawag muli sa ibang araw upang sagutin ang anumang mga karagdagan pang tanong.

Pagiging kumpidensyal

Mahalagang maramdaman mong ligtas ka kapag nagtatanong, nag-uulat, o nakikipagtulungan ka sa imbestigasyong hinggil sa pagsunod. Gagawin ang lahat ng pagsisikap upang mapanatiling kumpidensyal ang iyong pagkakakilanlan. Gayunpaman, may ilang pagkakataon sa panahong isinasagawa ang mga pagsisiyasat kung saan maaaring ibahagi ang impormasyon dahil sa batayang kinakailangan itong malaman, at sa ilang sitwasyon, maaaring ipag-utos ng batas sa Zoetis na iulat ang ilang partikular na uri ng mga aktibidad.

Hindi kailanman pinahihintulutan ang pagganti

Hindi pahihintulutan ng Zoetis ang pagganti laban sa sinumang mag-uulat nang may malinis na hangarin ng anumang nalalaman o pinaghihinalaang maling pag-uugali o pagsuway sa ating mga kontrol sa negosyo, hindi rin pahihintulutan ang pagganti laban sa sinumang makikipagtulungan sa imbestigasyon. Kung sa palagay mo ay ginantihan ka o kung nakasaksi ka ng pagganti, iulat ito sa pangasiwaan o gamitin ang alinman sa mga mapagkukunan ng tulong na nakalista sa Kodigo ng Pag-uugali na ito.

Ang pag-uulat “nang may malinis na hangarin” ay nangangahulugang may dahilan ka upang



Matuto pa:

- ▶ Patakarang Bukas na Pinto
- ▶ Mga Kinakailangan sa Pag-uulat hinggil sa Pagsunod at Patakaran sa Mga Pag-iimbestiga

ipagpalagay na nagkaroon ng paglabag sa Kodigo ng Pag-uugali at/o sa anumang patakaran ng Zoetis at tapat ka sa iyong pagtatangkang magbigay ng totoo at tumpak na impormasyon, kahit na mapatunayan sa imbestigasyon na walang naging paglabag.

Pananagutan at disiplina


Kapag may paglabag sa Pamantayan ng Pag-uugali na ito, sa ating mga Patakaran at Pamamaraan sa Kumpanya, iba pang mga patakaran o pamamaraan ng Zoetis, o sa batas, isasagawa ang naaangkop na aksyong pandisiplina hanggang sa at kabilang ang pagkatanggal sa trabaho. Ang ilang partikular na aksyon ay maaari ding magresulta sa mga legal na paglilitis, mga parusa, o paglilitis sa kasong kriminal.



Makipagtulungan Sa Mga Awtoridad Ng Pamahalaan

Makipagtulungan palagi sa mga awtoridad ng pamahalaan hinggil sa mga hinihinging impormasyon o pagbisita sa pasilidad.

- Sumunod at makipagtulungan sa mga pag-iinspeksyon, pag-iimbestiga, o paghingi ng impormasyon ng pamahalaan. Kung ikaw ang responsableng tumugon sa hinihingi ng pamahalaan, sabihin ang totoo. Huwag kailanman manlinlang ng sinuman, humadlang sa kanilang ginagawa, o magtago, magwasak, o magbago ng mga dokumento.
- Dapat abisuhan ang Legal function tungkol sa lahat ng hindi karaniwang paghingi ng impormasyon o pagbisita sa pasilidad ng pamahalaan. Ang Legal function ang nangangasiwa sa lahat ng legal na pagkatawang kinakailangan sa Zoetis para sa mga naturang sitwasyon at ito ang tutukoy sa mga impormasyong kailangang maibigay.



Ang Ating Mga Empleyado

Ang Ating Mga Empleyado ang Nagdadala ng Pagbabago. Lahat tayo ay may karapatang magtrabaho sa isang ligtas, may paggalang, at kumportableng pinagtatrabahuhan kung saan nararamdaman nating pinahahalagahan tayo.

- Paggalang sa Lugar na Pinagtatrabahuhan
- Kalusugan at Kaligtasan
- Pagprotekta sa Pribadong Impormasyon
- Mga Salungatan ng Interes



Paggalang sa Lugar na Pinagtatrabahuhan

Malaya dapat ang ating kapaligiran sa trabaho mula sa anumang takot sa panggigipit at pandidiskrimina. Kabilang dito ang mga pagkilos na nang-iinsulto o nagbabanta, gayundin ang anumang uri ng sekswal na panggigipit o pananakot. Ang mga sumusunod ay mga pangunahing hakbang na dapat gawin upang makatulong sa pagtiyak na napapanatili natin ang isang ligtas, may paggalang, at kumportableng lugar na pinagtatrabahuhan para sa lahat:

- Pakitunguhan ang iba sa paraang gusto mong pakitunguhan ka.
- Panatilihing bukas ang isip sa mga bagong ideya at opinyon, at pakinggan ang mga pananaw ng iba.
- Kausapin ang iyong manager o iba pang panloob na mapagkukunan ng tulong tungkol sa mga nang-iinsultong mensahe, komento at hindi naaangkop na pagkilos.

Sumusunod tayo sa lahat ng naaangkop na kinakailangan sa pagtatrabaho, paggawa, at imigrasyon.

Naninindigan ang Zoetis sa mga patas na oportunidad sa trabaho at pinagbabawalan nito ang pandidiskrimina at panggigipit batay sa lahi, kulay, etnisidad, paniniwala, ninuno, relihiyon, kasarian, sekswal na oryentasyon, edad, pagkakakilanlan ng kasarian o pagpapahayag ng kasarian, bansang pinagmulan, katayuan sa pag-aasawa, pagbubuntis, panganganak o kaugnay na medikal na kundisyon, impormasyon ng genes, pagseserbisyo sa militar, medikal na kundisyon (tulad ng inilarawan ng pang-estado o lokal na batas), ang pagkakaroon o pag-iisip ng pagkakaroon ng kapansanan sa pag-

iisip o sa katawan, katayuan ng pagiging beterano o iba pang katangiang protektado ng mga naaangkop na batas. Nasa patakaran ng Zoetis na magbigay sa mga empleyado ng pinagtatrabahuhan lugar na malaya mula sa panggigipit, kabilang ang anumang berbal o pisikal na panggigipit na nauugnay sa mga katangiang inilarawan sa itaas.

Panggigipit


Maaaring maging nsidente ng panggigipit ang mga sumusunod at hindi pinapahintulutan ng Zoetis ang mga ito:

- Pag-uugaling may layunin o epekto na lumilikha ng nakakatakot, nakakaperhuwisyo o nakakainsultong pinagtatrabahuhan,
- Mga hindi naaangkop o mga nakakainsultong puna o biro (tahasan o sa pamamagitan ng pagpaparinig), pagkilos o pagdikit ng katawan,
- Pagpapakita ng mga hindi naaangkop na larawan o iba pang materyal,
- Pangangako ng magandang pagtrato o pagbabanta ng hindi kanais-nais na pagtrato batay sa pagtugon ng empleyado sa mga sekswal na hinihingi.



Matuto pa:

- ▶ Patakaran sa Pagpigil sa Panggigipit at Hindi Pandidiskrimina
- ▶ Patakarang Bukas na Pinto



Kalusugan at Kaligtasan

Binabantayan natin ang isa't isa upang matiyak na ligtas ang ating mga empleyado, kontraktor, at bisita. Priyoridad natin ang kaligtasan sa anumang oras.

- May karapatan at responsibilidad ang lahat ng empleyado na ihinto ang anumang ginagawa na sa palagay nila ay maaaring mapanganib.
- Alamin ang mga pamamaraan sa emergency at seguridad na naaangkop kung saan ka nagtatrabaho.
- Tiyaking wala ka sa impluwensya ng alak o anumang gamot, kabilang ang mga inirereseta at over-the-counter na gamot kapag nakikipagnegosyo para sa Zoetis, sa anumang oras o sa kahit saang lugar.
- Ang mga empleyadong nagmamaneho para sa pakikipagnegosyo ng Kumpanya ay hindi dapat

kailanman nag-e-email, tumitingin sa internet, o nagte-text habang nagmamaneho.

- Kung saan kinakailangan, palaging ipakita o i-swipe ang iyong badge ng personal na pagkakakilanlan kapag pumapasok at lumalabas sa ari-arian ng Kumpanya. Huwag payagang makapasok ang iba nang hindi sina-swipe nang tama ang kanilang mga badge ng personal na pagkakakilanlan.
- Kung magtamo ka ng pinsala sa trabaho, iulat ito kaagad sa manager gaano man ito kaliit na pinsala. Huwag kailanman ipagpalagay na may tao nang nag-ulat nito.
- Tulungan ang mga kontraktor at iba pang nakakatrabaho natin na maunawaan at masunod ang ating mga pamamaraan sa kaligtasan at seguridad.

Karahasan sa lugar na pinagtatrabahuhan

Walang lugar sa Zoetis ang anumang uri ng karahasan. Hindi natin pahihintulutan ang:

- Pagbabanta o paninindak sa iba, pisikal o berbal man, sa anumang oras o para sa anumang dahilan.
- Mga gawain ng bandalismo, pagsunog, o iba pang kriminal na aktibidad.
- Hindi pinapayagan ang mga armas sa ari-arian ng Zoetis maliban kung partikular na pinahintulutan ng Kumpanya.



Matuto pa:

- Ligtas na Lugar ng Trabaho at Proteksyon ng Asset

Pagkapribado ng Datos



Iginagalang natin ang pagkapribado ng ating mga kasamahan, pati na rin ang iba kung kanino tayo nakikipagnegosyo. Patakaran ng Zoetis na panatilihin kumpidensyal at ligtas ang personal na impormasyon. Sinasaklaw ng mga batas sa pagkapribado ng datos ang pagproseso ng personal na impormasyon, kabilang ang pangongolekta, pag-iimbak, paggamit, pagbabahagi, paglilipat, at pagtatapon. Palaging pangasiwaan ang personal na impormasyon (hal., pangalan, address, numero ng telepono, email address, impormasyon sa pananalapi, paniniwala sa relihiyon, medikal na datos) nang may pag-iingat alinsunod sa patakaran ng Kumpanya at mga naaangkop na batas sa pagkapribado.

- Tiyakin na ang personal na impormasyon na inyong pinoproseso ay ligtas, protektado, at tumpak.
- Mangolekta at gumamit ng personal na impormasyon para sa mga lehitimong layunin ng negosyo lamang at limitahan ang pagkolekta sa impormasyong talagang kailangan natin.
- Limitahan ang pag-access sa personal na impormasyon sa mga awtorisadong indibidwal at mag-ingat kapag nagbabahagi ng naturang impormasyon sa mga ikatlong partido.
- Pahintulutan ang mga indibidwal na hawak ng Kumpanya ang personal na impormasyon na

gamitin ang kanilang mga indibidwal na karapatan na i-access, tanggalin, at itama ang impormasyon.

- Huwag panatilihin ang personal na impormasyon sa loob ng mas mahabang panahon kaysa sa isinasaad ng batas. Sirain nang maayos ang mga rekord na naglalaman ng personal na impormasyon sa sandaling wala nang lehitimong kadahilanan upang panatilihin ang impormasyon.
- Ang personal na impormasyon ng mga kasamahan ay kinokolekta at ginagamit para sa layunin ng relasyon sa trabaho sa Kumpanya at itinatago hangga't kinakailangan ayon sa patakaran ng Kumpanya at ng batas.

Kapag gumagamit tayo ng mga ikatlong partido para magbigay ng mga serbisyo para sa atin, tiyaking nauunawaan nila ang kahalagahan na ibinibigay natin sa pagkapribado at dapat nilang itaguyod ang ating mga pamantayan.



Matuto pa:

- ▶ Patakaran sa Pagkapribado
- ▶ Patakaran sa Pamamahala ng Mga Talaan at Impormasyon

Mga Salungatan ng Interes

Maaaring magkaroon ng salungatan ng interes sa tuwing mayroon kang iba pang interes na maaaring humadlang sa iyong kakayahang gumawa ng nilalayong desisyon para sa Zoetis.

Ang bawat isa sa atin ay inaasahan na maging maagap at umiwas hangga't maaari sa mga sitwasyon na maaaring humantong sa kahit pagpapakita ng salungatan ng interes. Kung nakita ninyo ang inyong sarili o mga miyembro ng inyong pangkat sa isang potensyal na sitwasyon ng salungatan ng interes, mangyaring ipaalam ito sa inyong manager at Pagsunod sa Korporasyon.

Hindi posibleng mailista ang lahat ng sitwasyon na maaaring magpakita ng salungatan, ngunit may ilang partikular na sitwasyon kung saan mas karaniwan ang mga salungatan. Kung may kakayahan kang matukoy ang isang posibleng

salungatan, magagawa mong iwasan ang ibang katulad nito. Nasa ibaba ang ilang halimbawa:

- Pinamamahalaan mo ang isang tao na personal na may malapit na kaugnayan sa iyo. Hindi hinihikayat ng Zoetis ang pagkuha ng mga personal na malalapit na magkaibigan o magkamag-anak para sa parehong tungkulin o pangkat. Magkakaroon ng posibleng salungatan kung ikaw ay kukuha, mamahala o kung hindi naman ay makikipagnegosyo sa isang personal na malapit na kaibigan o kamag-anak o sa isang tao na may malapit na kaugnayan sa iyo.
- Ikaw o ang isang miyembro ng pamilya mo ay may malaking pamumuhunan sa isa sa ating mga customer, kalaban sa negosyo, o third party na nakikipagtrabaho sa Zoetis.

- Nagmamay-ari o nagtatrabaho ka sa isang kumpanyang kumakalaban, nakikipagnegosyo o gustong makikipagnegosyo sa Zoetis. Kahit na pinapayagan ang pagkakaroon ng ibang trabaho sa labas, napapailalim pa rin ang mga empleyado sa lahat ng kasunduan sa pagkakumpidensyal sa Zoetis at sa Mga Patakaran at Pamamaraan ng Zoetis na nauugnay sa kumpidensyal o panloob na impormasyon.
- Sinulot mo ang isang oportunidad sa negosyo na para dapat sa Zoetis o nalaman mo sa pamamagitan ng iyong trabaho rito.
- Bagama't hinihikayat kayo ng Zoetis na maging aktibo at interesado sa komunidad kung saan kayo nakatira at nagtatrabaho, ang ilang mga aktibidad—tulad ng paglilingkod sa isang lupon ng mga direktor, pagsasalita sa isang kumperensya tungkol sa mga isyu na may kaugnayan sa kalusugan ng hayop, o nagtatrabaho sa isang kampanya o iba pang may kaugnayan sa halalan na mga aktibidad—ay maaaring magpakita ng potensyal na salungatan ng interes sa ilang sitwasyon.



Matuto pa:

- ▶ Patakaran at Pamamaraan sa mga Salungatan ng Interes
- ▶ Form ng Pagsisiwalat ng mga Salungatan ng Interes

Ang Ating Mga Ugnayan Sa Customer At Third Party

Nakatuon Tayo sa Kapakanan ng Customer at inaasahan natin mula sa ating mga empleyado at third party na naki-kipagnegosyo sa atin ang paghahatid ng natatanging karanasan na tunay na magugustuhan ng ating mga customer, habang sumusunod sa ating matataas na pamantayan sa etika at kalidad.


- [Mga Kinakailangan sa Batas at Regulasyon ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Hayop](#)
- [Kalidad at Kaligtasan ng Produkto](#)
- [Kapakanan ng Hayop](#)
- [Mga Pakikipag-ugnayan sa Mga Propesyunal sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Hayop at Mga Pampromosyong Aktibidad](#)
- [Mga Regalo at Paglilibang](#)
- [Patas na Pakikipagtransaksyon sa Mga Stakeholder](#)
- [Patas na Kumpetisyon](#)




Mga Kinakailangan sa Batas at Regulasyon ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Hayop

Sumusunod ang Zoetis sa lahat ng kinakailangan sa mga batas at regulasyong namamahala sa pananaliksik, pagbuo, manufacturing, pamamahagi, marketing, pangongontrata sa pamahalaan, pagbebenta at promosyon ng ating mga produkto.

- Bilang pandaigdigang kumpanya, may mga batas at regulasyon ng isang bansa na maaaring nalalapat sa mga ginagawa natin sa isa pang bansa. Kapag may salungatan sa mga kinakailangan sa mga batas at regulasyon, ilalapat sa pangkalahatan ang mas mahigpit na pangkat ng mga kinakailangan sa mga batas at regulasyon, nang may mga limitadong pagbubukod.
- Kung may mga tanong ka tungkol sa kung aling mga batas, regulasyon, patakaran o pamantayan ng industriya ang nalalapat sa iyong trabaho, makipag-ugnayan sa miyembro ng Legal function.



Kalidad at Kaligtasan ng Produkto



Pinagkakatiwalaan ng ating mga customer ang Zoetis dahil sa kalidad at kaligtasan ng produkto nito na nangunguna sa industriya. Mahalagang nauunawaan ang profile sa kaligtasan ng produkto, gayundin ang kalidad at mga katangian ng pagganap nito.

Malawakang sinusubaybayan ang kalidad at kaligtasan ng produkto sa panahon ng mga klinikal na pag-aaral, gayunpaman, mas ganap lang na nalalaman ang profile sa kaligtasan at mga katangian sa pagganap ng isang produkto pagkatapos itong maibenta at magamit sa mga sitwasyon sa aktwal na mundo. Kung kaya, dapat makibahagi ang mga empleyado ng Zoetis at ang mga third party na nakikipagtrabaho sa atin sa responsibilidad ng pag-uulat ng anumang isyu sa kaligtasan, kalidad o pagganap na may kinalaman sa ating mga produkto.

- Lulat ang lahat ng nakakapinsalang kaganapan at isyu sa produkto. Maaari mong malaman ang mga isyu sa produkto sa iba't ibang paraan — sa pamamagitan ng mga tawag sa telepono, sulat, fax, email, website, at sinagutang form sa pagtugon mula sa mga programa sa marketing na itinaguyod ng Zoetis, o sa mga pulong o karaniwang pag-uusap sa trabaho o kahit sa mga paligid.
- Dagdag pa rito, dapat iulat ang ilang partikular na insidenteng maaaring humantong sa mas malalang panganib ng nakakapinsalang kaganapan, gaya ng mga pagkakamali sa gamot o depekto sa produkto. Dapat pa ring gawin ang pag-uulat na ito kahit na walang nakakapinsalang


kaganapan sa kasalukuyan. Mayroon tayong legal na obligasyong subaybayan at iulat ang mga karanasan at reklamo sa kalidad ng produkto na ito sa mga awtoridad sa regulasyon.

- Ang anumang impormasyon tungkol sa isyu sa produkto ay dapat ipadala sa lokal na pharmacovigilance team sa bansa o sa lokal na manager ng regulasyon sa bansa sa loob ng 24 na oras.



Matuto pa:

- Patakaran sa Pag-uulat ng Nakakapinsalang Kaganapan



Kapakanan ng Hayop

Isinasagawa natin ang lahat ng ating pananaliksik sa hayop sa responsable, makatao, at etikal na paraan. Sinusuportahan natin ang pagbuo ng mga pamamaraan ng pagsubok na hindi ginagawa sa hayop para sa pagtatasa sa kaligtasan ng mga bagong produkto na magbabawas, papalit o magsasaayos sa paggamit ng pagsubok na ginagawa sa hayop.

Para sa mga bagong produkto na kinakailangang subukan sa hayop, nagpapanatili tayo ng mga mataas na pamantayan sa pangangalaga at kapakanan ng hayop nang ayon o higit pa sa mga ipinag-uutos ng batas.

- Ipinag-uutos sa lahat ng empleyado at third party na nakikipagtrabaho sa Zoetis na pag-aralang mabuti ang pagpapalano at pagsasagawa ng anumang lahat ng pagsubok sa hayop upang mabawasan at maiwasan ang hindi kinakailangang pananakit, pagkaligalig o kawalan ng ginhawa, at upang matiyak ang kalusugan at kapakanan ng lahat ng hayop na nasa ating pangangalaga.
- Ang mga third-party na organisasyon sa pananaliksik na nakikipagtrabaho sa atin ay dapat sumang-ayon sa parehong paninindigan sa mga pamantayan at pangangasiwa para sa pagtiyak ng responsable, makatao, at etikal na pagtrato sa mga hayop sa pananaliksik.



Matuto pa:

- Patakaran sa Pangangalaga at Kapakanan ng Hayop



Mga Pakikipag-ugnayan sa Mga Propesyunal sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Hayop at Mga Pampromosyong Aktibidad



Inuunawa at sinusunod natin ang mahihigpit na regulasyong nangangasiwa sa ating mga pampromosyong aktibidad at sa ating mga pang-edukasyon at pangkomersyong pakikipag-ugnayan sa mga propesyunal sa pangangalagang pangkalusugan ng hayop. Kasama rito ang ating mga pakikipag-ugnayan sa mga beterinaryo, empleyado ng mga ospital o pinagsasanayan ng beterinaryo, at iba pang nagbibigay, nagrereseta, bumibili, o nagrerekomenda ng mga inireresetang gamot.

- Walang bayad, regalo, mabuting pakikitungo, o anumang bagay na may halaga ang maaaring ibigay bilang kapalit para sa partikular na gawing pagreseta ng mga partikular na produkto o para sa mga partikular na pasyente. Kailangang sumunod ang mga kasamahan sa Patakarang tungkol sa mga Interaksyon sa mga Propesyonal na nangangalaga sa Pangkalusugan ng Hayop at sa naaangkop na Patakarang Lokal na sumasaklaw sa mga Beterinaryo sa pagbibigay ng anumang bagay na may halaga sa mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan ng hayop.
- Lahat ng pampromosyong materyal at pakikipag-ugnayan ay dapat tumpak, hindi mapanlinlang, at sumusunod sa lahat ng naaangkop na pamantayan sa batas at regulasyon, kabilang ang anumang naaangkop na pamantayang tumutugon sa pagpapatunay, siyentipikong rigor, at patas na pagbalanse.
- Ang mga empleyado sa pagbebenta, marketing, mga medikal na serbisyo sa hayop at pagganap ng tungkulin sa regulasyon ay dapat maging pamilyar sa Mga Patakarang Lokal at Pamamaraan ng Zoetis sa paglalagay ng label, programa sa promosyon, mga halimbawang produkto at iba pang nauugnay na paksa.
- Makipag-ugnayan sa miyembro ng Legal function kung may mga tanong ka tungkol sa kung aling mga patakarang lokal, pamamaraan, batas, regulasyon o pamantayan sa industriya ang nalalapat sa iyong trabaho.



Matuto pa:

- ▶ Patakarang tungkol sa mga Interaksyon sa mga Propesyonal na nangangalaga sa Pangkalusugan ng Hayop
- ▶ Patakarang Lokal na sumasaklaw sa mga Beterinaryo

Mga Regalo at Pagtanggap ng Bisita

Ang isang paminsan-minsang regalo o alok ng mabuting pakikitungo (hal., mga pagkain, paglalakbay, libangan) ay madalas na tinitingnan bilang isang normal na bahagi ng pagnenegosyo, ngunit kung minsan kahit na ang isang regalong malinis ang layunin ay maaaring maging taliwas sa patakaran.

Sa Zoetis, maaari lang magbigay o tumanggap ang mga empleyado ng mga hindi kamahalang regalo at paglilibang na makatuwirang kinakailangan sa mga ugnayan sa negosyo, hindi nag-iimpluwensya sa ibang mga tao sa maling paraan, at ganap na sumusunod sa ating mga patakaran. Hindi tayo tumatanggap o nagbibigay ng mga regalo o paglilibang kung ang layunin ay impluwensyahan ang isang desisyon o bilang kapalit ng anumang pakikipagnegosyo, serbisyo, o kumpidensyal na impormasyon.

Kapag nagbibigay o tumatanggap ng mga regalo at paglilibang, dapat matugunan ang lahat ng sumusunod na tagubilin:

- Hindi dapat kamahalan ang halaga nito at hindi dapat madalas.
- Hindi dapat nito iniimpluwensyahan o hindi dapat lumabas na iniimpluwensyahan nito ang pagpapasya sa negosyo ng tatanggap.
- Dapat na angkop ito at may angkop na layunin sa negosyo.

Hindi kailanman pinapayagan ang mga sumusunod na gawain:

- Pagbibigay o pagtanggap ng sobra-sobra o madalas na regalo o paglilibang.
- Pagbibigay o pagtanggap ng anumang regalong pera o katumbas ng pera (mga gift card, mga gift certificate).
- Pagbibigay o pagtanggap ng anumang regalo o paglilibang na maaaring magbigay ng kahihyan o negatibong pagtingin sa ating reputasyon o sa iyong reputasyon.
- Pagbibigay o pagtanggap ng anumang regalo o paglilibang na lumalabag sa mga patakaran ng organisasyon ng tatanggap.
- Pagbibigay o pagtanggap ng anumang uri ng mga regalo o paglilibang sa opisyal ng pamahalaan maliban kung partikular na pinahintulutan ng Legal function.



Mga regalo at paglilibang – mga opisyal ng pamahalaan

Kailangan ng dagdag na pag-iingat kapag nakikipagtransaksyon sa mga opisyal ng pamahalaan dahil may mga kumplikadong panuntunan na nangangasiwa sa pagbibigay sa mga opisyal ng pamahalaan ng mga regalo, paglilibang at iba pang kagandahang-loob sa negosyo. Ang mga bagay na maaaring pinapahintulutan para sa mga komersyal na customer ay maaaring ilegal kapag nakikipagtransaksyon sa pamahalaan.

- Walang mga regalo o iba pang benepisyo, kabilang ang mabuting pakikitungo, ang maaaring ialok sa mga opisyal ng gobyerno maliban sa partikular at may paunang pahintulot ng Legal na tungkulin o pinahintulutan ng Patakarang Lokal na sumasaklaw sa mga Beterinaryo.
- Anumang kahilingan na ginawa sa isang kasamahan ng isang opisyal ng gobyerno para sa isang pagbabayad, maliban sa mga lehitimong buwis o bayarin, ay dapat iulat kaagad sa Legal na tungkulin.
- Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga interaksyon ng Zoetis sa mga opisyal ng gobyerno, makipag-ugnayan sa tungkulin ng Legal o Pagsunod.



Matuto pa:

- ▶ Patakaran sa Mga Pakikipag-ugnayan sa Mga Propesyunal sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Hayop
- ▶ Patakaran sa Pagpigil sa Panunuhol at Katiwalian
- ▶ Patakaran sa Pagbiyahe at Paglilibang
- ▶ Patakaran sa Paglalakbay at Gastos
- ▶ Patakaran at Pamamaraan sa mga Salungatan ng Interes

Patas na Pakikipagtransaksyon sa Mga Stakeholder

Nagsusumikap tayong maging patas at etikal sa lahat ng ating pakikitungo sa ating mga panloob at panlabas na stakeholder. Hindi natin sinasamantala ang hindi patas na bentahe ng sinuman sa pamamagitan ng pagmamanihala, pagtatago, maling paggamit ng kumpidensyal na impormasyon, maling representasyon ng mga katotohanan, o anumang iba pang hindi patas na pakikitungo o kasanayan.

- Bumibili tayo ng mga supply at serbisyo at pumipili ng mga ikatlong partido batay sa pangangailangan, kalidad, serbisyo, presyo, mga tuntunin, at iba pang nauugnay na kundisyon.
- Pinoprotektahan natin ang kumpidensyal at pag-aaring impormasyon ng ating mga customer at third party.
- Kapag nangongolekta tayo ng lihim na impormasyon sa negosyo (business intelligence), dapat ay palagi tayong sumusunod sa ating mga pamantayan ng integridad — huwag kailanman makisangkot sa pandaraya, maling paghahayag o panloloko upang makakuha ng impormasyon.
- Kapag kumukuha tayo ng mga dating empleyado ng mga kalaban sa negosyo, dapat nating igalang ang kanilang obligasyong hindi gamitin o isiwalat ang kumpidensyal na impormasyon ng mga dati nilang employer.



Patatas na Kumpetisyon

Naniniwala tayo sa malaya at bukas na kumpetisyon. Nagkakaroon tayo ng mga kumpetitibong kalamangan sa pamamagitan ng kalidad ng ating mga produkto, at hindi sa pamamagitan ng mga labag sa etika o batas na gawain sa negosyo.

May mga batas ang bawat bansa kung saan tayo nagnenegosyo na nangangasiwa sa mga pakikipag-ugnayan sa mga kalaban sa negosyo, supplier, distributor, at customer. Bagama't iba-iba ang mga legal na kinakailangan, may iisang layunin sa pangkalahatan ang mga batas sa patas na kumpetisyon — ang tiyakin ang mahusay na operasyon sa mga merkado sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga kumpetitibong presyo, pagpipilian ng customer, at inobasyon.

- Huwag kailanman talakayin, ipaalam, o makipagpalitan ng sensitibo o hindi pampublikong impormasyon sa mga kakumpitensya.
- Huwag kailanman makipag-ugnayan sa mga kostumer o kakumpitensya upang mapanatili o maimpluwensyahan ang mga presyo ng muling pagbebenta.
- Huwag kailanman sumang-ayon sa isang kalaban sa negosyo na ikoordina ang bidding sa isang customer o sumang-ayon sa isang customer o kalaban sa negosyo na hindi makipagtransaksyon sa iba pang kumpanya.
- Huwag kailanman gumawa ng hindi makatarungang pananamantala sa posisyon ng pangunguna sa merkado sa pamamagitan ng pakikisangkot sa gawaing humahadlang sa kumpetisyon.

Kumplikado ang mga batas sa patas na kumpetisyon o antitrust at maaring magkaiba ang

mga kinakailangan sa pagsunod depende sa mga bagay na napatunayan at pangyayari. Kumonsulta sa Legal function kung may anumang tanong o alalahanin ka tungkol sa mga batas sa paghadlang sa kumpetisyon.

Mga pulong ng samahan sa pakikipagkalakalan


Ang mga pulong ng samahan sa pakikipagkalakalan at iba pang pagtitipon sa industriya ay nakakatulong sa mga lehitimo at mahahalagang layunin. Gayunpaman, may kaakibat na ilang partikular na panganib sa mga ganitong pulong, dahil pinagsasama-sama nito ang mga magkakakumpitensya sa negosyo na maaaring mag-usap tungkol sa mga bagay na parehas nilang inaalala at may posibilidad na masuway nila ang mga obligasyon sa batas ng kumpetisyon. Maaaring mabigyan ng maling kahulugan at maiulat nang mali kahit ang pagbibiro lang tungkol sa mga hindi naaangkop na paksa, gaya ng mga diskarte sa marketing o pagpepresyo.

Kung mapupunta ang mga pag-uusap sa anumang uri ng talakayang laban sa pagiging kumpetitibo, dapat kang tumanggap magsalita tungkol sa bagay na iyon at umalis kaagad sa pag-uusap.



Matuto pa:

- Patakaran sa Batas ng Kumpetisyon at Mapagkumpitensyang Katalinuhan



Ang Ating Kumpanya

Tayo ay **Nagkakaisang Zoetis**. Batay sa ating Mga Pangunahing Paniniwala, sama-sama tayong nagtatrabaho upang makamit ang mga layunin ng pangkat nang may integridad at makagawa ng mga solusyon na tutulong sa ating mga customer at sa Zoetis sa kabuuan.

- [Tumpak na Pagtatala at Pag-uulat ng Pananalapi](#)
- [Kumpidensyal na Impormasyon](#)
- [Pagproteka sa Panloob na Impormasyon](#)
- [Paggamit ng Mga Asset ng Kumpanya](#)
- [Pagbibigay ng Pahayag sa Ngalan ng Ating Kumpanya](#)



Tumpak na Pagtatala at Pag-uulat ng Pananalapi

Nakabatay ang mga mamumuhunan, mga awtoridad ng pamahalaan, at iba pa sa ating mga tumpak at kumpletong talaan at paghahayag sa negosyo. Mahalaga rin ang naturang impormasyon sa loob ng Kumpanya upang makagawa tayo ng mga ipinabatid na desisyon sa negosyo.

Ang ating mga aklat at talaan ay dapat tumpak, napapanahon, kumpleto at sumusunod sa mga kinikilalang prinsipyo sa accounting at sa ating mga panloob na kontrol.

May responsibilidad ang mga empleyado na iulat ang anumang hindi naitalang pondo o asset, o ang mga mali o gawa-gawang entry sa mga aklat at talaan ng Zoetis. Kung nalaman ninyo o pinaghihinalaan ninyo ang panloloko sa accounting, iulat ito kaagad sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa isang miyembro ng Legal na tungkulin, Opisina ng Pagsunod, Panloob na tungkulin ng Audit, o sa tungkulin ng Controller natin.

May espesyal na responsibilidad sa bahaging ito ang mga empleyadong may tungkulin sa pampinansyal o pang-operasyong accounting, ngunit lahat tayo ay bahagi sa proseso ng pagtatala ng mga resulta sa negosyo at pangangalaga ng mga talaan.

- Tiyaking malinaw at kumpleto ang mga entry para sa pananalapi at huwag itago o pagtakpan ang tunay na katangian ng anumang transaksyon.
- Huwag kailanman magtala ng mga maling benta, pagpapadala, o huwag itala ang mga ito nang maaga, huwag ipahayag nang kulang o labis ang mga nalalamang pananagutan at asset o iantala ang pagtatala ng mga item na dapat ay pinagkagastusan.
- Huwag magpanatili ng mga hindi naipahayag o hindi naitalang pondo, asset, o pananagutan.
- Sumunod palagi sa ating Patakaran sa Pagbiyahe at Paglilibang, kabilang ang pagtiyak na tumpak ang mga ulat ng gastos.
- Maging tumpak, kumpleto, at matapat sa anumang oras na nagsusumite ng mga talaan ng oras, pananaliksik, at mga resulta ng kalidad at kaligtasan.



Matuto pa:

- ▶ Patakaran sa Pagbiyahe at Paglilibang
- ▶ Patakaran sa Mga Pagpapahintulot at Pag-apruba

- ▶ Patakaran sa Pagbili
- ▶ Patakaran sa Katumpakan ng Mga Pinansyal na Pahayag
- ▶ Patakaran sa Legal Entity Lifecycle at Mga Pinansyal na Kinakailangan
- ▶ Patakaran sa Internal Audit ng Kumpanya
- ▶ Patakaran sa Paggamit ng Mga Hiwalay na Auditor
- ▶ Patakaran sa Pamamahala ng Mga Talaan at Impormasyon

Mga legal at tax audit hold

Winawasak lang dapat ang mga dokumento alinsunod sa Zoetis Enterprise Records Retention Schedule (ERRS) at hindi kailanman bilang tugon o dahil sa antisipasyon ng imbestigasyon, demand, o pag-audit.

Kung makatanggap ka ng “Legal Hold” o “Tax Audit Hold,” hindi mo dapat baguhin o itapon ang anumang nauugnay na impormasyon. Makipag-ugnayan sa Legal function kung may anumang pag-aalinlangan ka tungkol sa kaangkupan ng pagwasak ng talaan.

Kumpidensyal na Impormasyon

Ang hindi awtorisadong paggamit o pagpapalabas ng kumpidensyal na impormasyon ay maaaring magresulta sa pagkawala ng kalamangan laban sa kakumpitensya at pinsala sa ating reputasyon o ating mga relasyon sa mga kostumer at mga ikatlong partido.

Para sa mga kadahilanang ito, ang pag-access, pag-iimbak, paghahatid, at paggamit ng kumpidensyal na impormasyon ay dapat na naaayon sa ating mga patakaran at pamamaraan.

- Ang pagsisiwalat ng kumpidensyal na impormasyon sa isang ikatlong partido ay nangangailangan ng naaangkop na pahintulot at kumpidensyal na kasunduan. Kung may pagdududa, sumangguni sa inyong manager o sa legal na tungkulin.
- Lagyan ng wastong label ang kumpidensyal na impormasyon upang malaman kung paano ito dapat pangalagaan, ipamahagi, at wasakin.

- Huwag ibahagi ang mga password o payagan ang ibang mga tao, kabilang ang mga kaibigan at kapamilya, na gamitin ang ating mga mapagkukunan ng information technology.
- Huwag magpahayag ng impormasyon sa mga third party nang walang naaangkop na pahintulot at anumang kinakailangang kasunduan sa pagkakumpidensyal. Kung may pag-aalinlangan, makipag-ugnayan sa inyong manager o sa Legal function.
- Huwag talakayin ang kumpidensyal na impormasyon sa mga pampublikong lugar kung saan may ibang maaaring makarinig.
- Mag-ingat sa mga kahina-hinalang tawag sa telepono o mensahe sa email ng mga tagalabas nananghihingi ng impormasyon (karaniwang tinatawag na “phishing”).
- Lulat ang anumang pinaghihinalaang mga problema o alalahanin sa inyong manager o sa legal na tungkulin.

Kabilang sa mga halimbawa ng kumpidensyal na impormasyon ang:

- Mga plano ng negosyo
- Mga lihim sa pakikipagkalakalan
- Mga halaga ng mga benta at kita
- Pagpepresyo
- Bagong produkto o mga plano sa marketing
- Mga ideya sa pananaliksik at pagbuo
- Mga proseso sa manufacturing
- Impormasyon tungkol sa mga potensyal na pagtatamo, divestiture, at pamumuhunan



Pagprotekta SA Panloob na Impormasyon

Sa paglipas ng panahon sa negosyo, maaaring malaman mo ang tungkol sa materyal at hindi pampublikong impormasyon tungkol sa Zoetis o sa iba pang kumpanyang nakikipagkalakalan sa publiko. Ang paggamit ng impormasyong ito para sa personal na pagkamit, pagbabahagi nito sa iba, o ang pagpapakalat ng mga maling balita, ay hindi lamang panggugulang sa iba pang mamumuhunan, labag din ito sa batas.

- Huwag kailanman bumili, maglipat, magregalo, o magbenta ng anumang mga stock, bono, opsyon, o iba pang security ng anumang kumpanya, kabilang ang Zoetis, batay sa mahalaga ngunit hindi pampublikong impormasyon.
- Huwag magbigay ng materyal at hindi pampublikong impormasyon o “mga tip” sa iba.
- Alamin ang mga uri ng impormasyong itinaturing na panloob na impormasyon. Kasama sa mga halimbawa ang hindi pampublikong impormasyon tungkol sa mga pagsasanib o pagbili ng mga kumpanya, mga resulta ng mga benta o kita, mga pagtataya o patnubay sa pananalapi, mga pagbabago sa pamunuang ehekutibo, mga nakabinbing mahalagang demanda o malalaking panalo o pagkatalo sa negosyo, atbp.
- Kung may anumang tanong ka tungkol sa pagiging materyal at hindi pampubliko ng impormasyon, makipag-ugnayan sa Legal function.

Mga kahulugan


Materyal ang impormasyon kung malamang na bumili o magbenta ng security ang isang mamumuhunan dahil sa pagkakabatid ng impormasyong iyon.

Ang impormasyon ay **hindi pampubliko** kung hindi ito inilabas nang malawakan sa publiko, hal., sa pamamagitan ng malawakang ipinakalat na mga komunikasyon ng kumpanya, tulad ng mga press release, panlabas na website, at/o mga pangregulasyong paghahain.



Matuto pa:

- Patakarán sa Pangangalakal ng Tagaloob at Pagkakumpidensiyal



Paggamit ng Mga Asset ng Kumpanya

Ipinagkakatiwala sa bawat isa sa atin ang pangangalaga ng mga asset ng Kumpanya; dapat tayong maging masinop sa pagproteka sa mga ito mula sa pagkawala, pagkasira, pagkanakaw, pagkasayang, at hindi wastong paggamit.

Ang ating mga asset

Kabilang sa mga asset ng Zoetis ang pisikal na ari-arian, mga pasilidad, kagamitan, imbentaryo at mga supply at pati mga oportunidad ng kumpanya, pinansyal na mapagkukunan, kumpidensyal na impormasyon, file at dokumento, network ng computer at nilalaman nito. Ang brand at intellectual property (IP) ng ating kumpanya ay mga pangunahing asset. Kabilang sa ating IP ang mga patent, trademark, lihim sa pakikipagkalakalan, copyright, at siyentipiko at teknikal na kaalaman.

- Hindi dapat ibigay o ibenta ang ating mga asset sa sinuman nang walang naaangkop na pahintulot.
- Bantayan ang ating intelektwal na ari-arian at igalang ang mga karapatan sa intelektwal na ari-arian ng iba.
- Gumamit lang ng mga awtorisadong software, device, at pamamaraan.
- Ang mga hindi awtorisadong device, gaya ng mga computer sa tahanan, ay hindi maaaring

gamitin sa pagpapadala, pag-iimbak, o pagtatrabaho sa pagmamay-aring impormasyon ng Zoetis.

- Hindi ka dapat umasang magkaroon ng personal na pagkapribado kapag gumagamit ng mga system ng Zoetis. Ang mga email, instant na mensahe, text, at voicemail ay itinuturing na ari-arian ng Kumpanya.
- Pinapayagan ang limitadong personal na paggamit ng mga telepono at system ng computer sa kundisyong hindi ito magdudulot ng negatibong epekto sa iyong pagganap, pagiging produktibo, sa kapaligiran sa trabaho, o lumalabag sa anumang patakaran ng Zoetis.



Cybersecurity

Higit nang umaasa ang lahat sa atin sa mga network, database, at sa impormasyong nilalaman ng mga ito. Dapat gawin ng bawat isa sa atin ang kanyang tungkulin upang protektahan ang ating mga system ng data at impormasyon mula sa mga hindi sinasadya at sinasadyang paglabag:

- Tiyaking susundin mo ang ating mga patakaran at pamamaraan na binuo upang protektahan ang ating mga network, computer, program, at data mula sa pag-atake, pagkasira, o hindi awtorisadong pag-access.
- Gumamit lang ng mga awtorisadong software at device. Hindi maaaring gamitin ang mga computer sa tahanan sa pagpapadala, pag-iimbak, o pagtatrabaho sa ating pagmamay-aring impormasyon.
- Protektahan ang iyong mga user name at password.
- Maging alerto sa mga scam na phishing o sa iba pang pagtatangkang makuha ang sensitibong personal na impormasyon o impormasyon ng kumpanya.
- Huwag buksan ang mga kahina-hinalang link sa mga email, kahit na alam o kilala mo ang pinanggalingan nito.



Matuto pa:

- ▶ Patakaran sa Paggamit ng Mga System ng Impormasyon at Asset
- ▶ Patakaran sa Brand ng Kumpanya, Copyright at Trademark

Pagbibigay ng Pahayag sa Ngalan ng Ating Kumpanya

Kailangan natin ng malinaw at hindi pabagu-bagong boses kapag nagbibigay ng impormasyon sa publiko at sa media. Dahil dito, mahalaga na mga pormal na itinalagang empleyado lang ang magsasalita sa publiko sa ngalan ng Zoetis. Huwag magbigay ng anumang pahayag sa publiko sa ngalan ng Kumpanya, maliban kung may pahintulot kang gawin ito.

Makipag-ugnayan sa Global Corporate Communications para sa mga pagtatanong ng media at publiko o sa Investor Relations para sa mga pagtatanong ng analyst at mamumuhunan. Kasama rito ang mga pormal at hindi pormal na paghingi ng impormasyon ng Kumpanya, ito man ay ginawa sa personal, sa pamamagitan ng telepono, sa kasulatan o gamit ang anumang uri ng social media.

- Huwag kailanman magbigay ng impresyon na nagsasalita ka sa ngalan ng Zoetis sa anumang pakikipagkomunikasyon na maaring isapubliko kung hindi ka partikular na pinahintulutang gawin ito. Kung personal kang gumagamit ng social media, dapat mong banggitin sa iyong profile na ang mga ipinahahayag na opinyon ay mga sarili mong opinyon at hindi sa Zoetis.
- Humingi ng pahintulot sa iyong manager bago magbigay ng mga pananalita sa publiko, magsulat ng mga artikulo para sa mga propesyunal na journal, o makibahagi sa iba

pang pakikipagkomunikasyon sa publiko kapag nagsasalita ka sa ngalan ng Zoetis. Kumonsulta sa Corporate Communications upang matugunan ang anumang tanong mo tungkol sa kung ano ang naaangkop na isama sa mga naturang pakikipagkomunikasyon.



Matuto pa:

- ▶ Patakaran sa Mga Panlabas na Pakikipagkomunikasyon at Presentasyon

Social media

Maging maingat sa pagsusulat ng mga pakikipagkomunikasyon na maaaring ilathala online. Pag-isipang mabuti bago mo pindutin ang button na 'send' sa email o text o post sa isang platform ng social media. Kapag gumagamit ng social media:

- Maging matalino sa pagpapasya, kabilang dito ang pagpapahayag ng mga ideya at opinyon sa magalang na paraan.
- Linawin na ang anumang opinyong ipahahayag mo ay mga sarili mong opinyon at hindi sa Zoetis.
- Huwag magpahayag ng kumpidensyal na impormasyon sa negosyo tungkol sa Kumpanya, sa ating mga customer, o sa third party na nakikipagtrabaho sa atin.
- Kung may makita kang bagay online na posibleng makasira sa reputasyon ng Zoetis, iulat kaagad ito sa Corporate Communications. Huwag akuin ang pagsagot sa mga negatibong komento.
- Iulat sa Veterinary Medical Information Product Support (VMIPS) ang mga makikitang hindi kanais-nais na kaganapan sa internet o social media Sa U.S., maaari kang magsumite ng ulat sa VMIPS@zoetis.com at para sa mga pag-uulat sa labas ng U.S., dapat kang magsumite ng ulat sa lokal na pharmacovigilance team sa bansa o sa lokal na manager ng regulasyon sa bansa.

Ang Ating Mundo

May reputasyon tayo sa pagiging isang kumpanyang nagmamalasakit sa komunidad at mamamayan, at sa pagsisikap na **Gawin Palagi ang Tama**. Ipinagmamalaki natin na maging isang kumpanya na lumilikha ng halaga para sa ating negosyo at lipunan sa pamamagitan ng pagpapabuti sa kalusugan ng mga hayop at pagpapayaman sa buhay ng ating mga mamimili, kasamahan, at komunidad sa buong mundo. Nagsusumikap ang Zoetis na maging mapagkakatiwalaang kapareha para sa mas napapanatiling hinaharap. Ang ating diskarte sa pagpapanatili ay ibinatay sa ating layunin—ang pagyamanin ang mundo at ang sangkatauhan sa pamamagitan ng pagsulong sa pangangalaga sa mga hayop—at pinangungunahan ng ating mga dedikadong kasamahan na Masigasig na Pangalagaan ang ating mga Komunidad, mga Hayop, at ang Planetang pinagbabahaginan natin.

- [Pagsisilbi sa Ating Mga Komunidad](#)
- [Mga Karapatang Pantao](#)
- [Pagpapanatili](#)
- [Pagpigil sa Panunuhol at Katiwalian](#)
- [Pandaigdigang Pakikipagkalakalan](#)
- [Gawaing Pampolitika](#)


Kodigo Ng Pag-Ugali Ng Zoetis
Ang Paraan Natin Ng Pakikipagnegosyo



Pagsisilbi sa Ating Mga Komunidad

Ginagamit natin ang ating mga mapagkukunan at kahusayan upang magdala ng pagbabago sa mga komunidad kung saan tayo nagpapatakbo. Kabilang dito ang pakikiisa sa mga organisasyong nakatuon sa paghahanda ng mga kabataan para sa mga trabaho sa agrikultura at agham na nauugnay sa hayop, gayundin ang pagsuporta sa mga organisasyong kaisa natin sa ating pagtutuon sa pag-aampon ng alagang hayop.

Nagbibigay din tayo ng mga gamot, bakuna, diyagnostiko sa mga shelter na nagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan sa mga hayop na hinahanapan pa ng mga bagong tahanan. Kapag nagkakaroon ng mga likas na kalamidad, nakikipagtulungan tayo sa ating mga lokal na pangkat sa pagtugon sa pinansyal na suporta at mahahalagang gamot sa hayop upang tumulong sa pagprotekta sa kalusugan at kapakanan ng hayop.





Hinihikayat natin ang ating mga empleyado na suportahan ang mga komunidad kung saan tayo nagpapatakbo sa pamamagitan ng pagboboluntaryo. Pinagpapasyahan ng mga namumuno sa negosyo at ng kanilang mga pangkat kung ano ang pinakamainam na pangangasiwa para sa mga naturang pagsisikap sa lokal na antas.

- Sinusuportahan ng Zoetis ang pagbabalik-bigay sa mga komunidad gamit ang ating Patakaran sa Araw ng Pagboboluntaryo, na nagpapahintulot sa mga kasamahan ng isang araw ng bayad na oras sa bawat taon ng kalendaryo para magboluntaryo para sa isang organisasyong pangkawanggawa na kanilang pipiliin sa karamihan ng mga merkado.
- Hindi pinapayagan ang mga panghihingi o pamimilit sa mga empleyado, customer, o third party na suportahan ang iyong mga pinapaborang kawanggawa o ipinaglalaman.



Matuto pa:

- ▶ Patakaran sa Mga Pangkawanggawang Kontribusyon



Mga Karapatang Pantao

Masigasig tayo na nakatuon sa paggalang sa mga karapatang pantao at dignidad ng lahat, at sinusuportahan natin ang mga internasyonal na pagsisikap para maitaguyod at maprotektahan ang mga karapatang pantao. Mayroon tayong zero-tolerance na patakaran kaugnay ng pang-aabuso sa karapatang pantao sa ating mga operasyon at sa ating supply chain.

Bawat isa sa atin ay maaaring makatulong sa pagsuporta sa mga pagsisikap na alisin ang pang-aabuso at protektahan ang mga karapatang pantao:

- lulat sa Legal function ang anumang paghihinala o pagpapatunay ng pang-aabuso sa mga karapatang pantao sa ating mga operasyon o sa mga operasyon ng ating mga third party.
- Tandaan na ang paggalang sa dignidad ng tao ay nagsisimula sa ating mga pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan sa isa't isa at sa ating mga customer at third party. Kabilang din dito ang pagsusulong ng pagkakaiba-iba at pagiging kabilang, pagtulong sa mga may kapansanan at pagganap ng ating tungkulin upang maprotektahan ang mga karapatan at dignidad ng lahat na nakakatrabaho natin.



Matuto pa:

- Patakaran sa mga Karapatang Pantao



Pagpapanatili



Isinasagawa ng Driven to Care ang ating mga pangako sa mga kostumer, mga komunidad na ating pinaglilingkuran at ating mga kasamahan. Sa kabuuan ng tatlong haligi—Mga Komunidad, Hayop, at Planeta—binabalangkas ng ating diskarte sa pagpapanatili ang ating mga priyoridad at ang mga adhikain na itinakda natin upang makabuo ng mas malusog na hinaharap para sa lahat. Ang ating mga adhikain ay nagbibigay ng mapa sa kung paano makakatulong ang Zoetis na magkaroon ng epekto at humimok sa pagkamit ng 17 United Nations (UN) Sustainable Development Goals (SDGs), 11 dito ay direktang sinusupportahan natin.

Ang Driven to Care ang ating tugon sa pagkakaugnay ng mga komunidad, hayop, at planeta, bilang karagdagan sa mga isyu sa pagpapanatili na nakakaapekto sa bawat isa sa atin. Upang mapagtagumpayan ang mga kumplikadong hamon, kailangan natin ng isang holistiko na diskarte—isa na maaaring makinabang mula sa pinagsamang kadalubhasaan at hilig na pinagbabahaginan natin ng ating mga kustomer. Ang ating mga kasamahan ay gumaganap ng isang mahalagang papel sa pagkamit sa ating Driven to Care na mithiin. Manatiling konektado sa ating pangkalahatang diskarte sa pagpapanatili, Driven to Care, at matuto pa tungkol sa inyong tungkulin sa mga madudulugan sa ibaba.



Matuto pa:

- ▶ Patakaran sa Pagpapanatili
- ▶ Posisyon sa Responsableng Paggamit ng
- ▶ Antibiotic sa mga Hayop

Pagpigil Sa Panunuhol At Katiwalian

Ganap na sumasalungat ang lahat ng uri ng panunuhol at katiwalian sa ating Mga Pangunahing Paniniwala at mga pamantayan sa negosyo.

Magtrabaho nang may katapatan at integridad sa Palaging magtrabaho nang tapat at may integridad. Huwag kailanman mag-alok o tumanggap ng suhol mula sa sinuman, kabilang ang mga opisyal ng gobyerno at ang ating mga komersyal na kasosyo sa negosyo—at tandaan, hindi lamang tayo mananagot para sa ating mga aksyon kundi pati rin sa mga aksyon ng sinumang ikatlong partido na kumakatawan sa Zoetis.

Dapat tayong maging mas maingat tungkol sa panunuhol at mga isyu ng katiwalian sa mga opisyal ng gobyerno. Sa ilang bansa, maaaring ituring na mga opisyal ng pamahalaan ang mga beterinaryong customer at iba pang propesyunal sa pangangalagang pangkalusugan ng hayop at

Mga kahulugan

Ang **suhol** ay anumang bagay na may halaga na ibinibigay para maimpluwensiyahan ang asal ng tao na nasa pamahalaan o sa pribadong sektor upang makakuha ng hindi tamang negosyo, o pinansiyal o komersiyal na kalamangan. Ang suhol ay maaaring isang bagay na bukod sa pera. Ang isang regalo, isang pagkain, isang pabor, kahit isang alok ng isang pautang o isang trabaho ay maaaring ituring na isang suhol.

Ang **mga bayad para sa pagpapabilis o 'padulas'** ay karaniwang maliliit na pagbabayad sa mga opisyal ng pamahalaan sa mababang antas na naglalayong hikayatin ang opisyal na gawin ang kanyang mga tungkulin.

maaaring may nalalapat dito na mga dagdag na kinakailangan. Mangyaring sumangguni sa inyong Patakarang Lokal na sumasaklaw sa mga Beterinaryo para sa karagdagang gabay.

Nagpapatupad ang mga batas sa ilang bansa ng mga karagdagang parusa para sa panunuhol ng mga opisyal ng pamahalaan, ngunit para sa atin, madali lang itong unawain: palaging mali ang pag-aalok o pagtanggap ng suhol mula sa kahit na sino, sa anumang oras.

- Huwag magbigay o tumanggap ng mga suhol o kickback, mag-alok ng mga bayad sa pagpapabilis o 'padulas' o tumanggap o magbigay ng anumang iba pang uri ng hindi wastong pagbabayad.
- Magpanatili ng mga tumpak at kumpletong aklat at talaan upang tapat na mailarawan at maisadokumento ang mga pagbabayad.
- Alamin ang ating mga pamantayan sa pagpigil ng panunuhol at katiwalian kapag pumipili ng mga third-party na provider na naghahatid ng mga serbisyo sa ngalan natin. Maging alisto at subaybayan ang kanilang pagkilos. Huwag kailanman 'itigil ang pagmamasid.'
- Dapat malaman na ang hindi pag-uulat ng panunuhol o iba pang ilegal na gawain ay maaaring maging paglabag mismo sa ating Kodigo ng Pag-uugali.



Ang pandaigdigang epekto ng panunuhol at katiwalian

Alam natin na ang pagbibigay ng mga suhol ay nakakasira sa ating reputasyon at nagkakahalaga nang milyun-milyon sa mga pagmumulta at bayarin — ngunit may mas higit pang nakataya rito. Maaaring sirain ng panunuhol at katiwalian ang pandaigdigang komersyo at maaari nitong makompromiso ang kalidad ng produkto at kapakanan ng hayop. Dagdag pa rito, hindi balanse ang epekto ng katiwalian sa mga umuunlad na ekonomiya at kadalasang ipinangsuporta sa mga hindi makademokratikong rehimen ang perang nanggagaling sa mga suhol at katiwalian.

Dahil sa mga ito, mayroon tayong patakarang zero-tolerance sa panunuhol at katiwalian. Hindi lamang ito ilegal; ganap itong sumasalungat sa paraan natin ng pakikipagnegosyo.



Matuto pa:

- Patakarang sa Pagpigil sa Panunuhol at Katiwalian
- Patakarang Lokal na sumasaklaw sa mga Beterinaryo

Pandaigdigang Kalakalan

Maraming batas na nangangasiwa sa pakikipagkalakalan sa lahat ng hangganan. Naninindigan tayo sa pagsunod sa lahat ng naturang batas. Kung bahagi ka ng mga internasyonal na operasyon, logistics, pananalapi, pagpapalano ng pulong, manufacturing at supply, pananaliksik at paglilinang, panregulatoryo o legal, higit na mahalagang alam mo at sumusunod ka sa mga kinakailangang nauugnay sa mga bansa kung saan ka nakikipagnegosyo.

Mga kahina-hinalang pagbabayad

Upang makatulong sa pagpigil at pagtukoy ng pagmamaniobra ng pera (money laundering) at pagtutustos sa terorista, mag-ingat sa: anumang kahina-hinalang pagbabayad; mga pagbabayad na ginawa mula sa mga personal na account sa halip na mga account sa negosyo; at mga pondo mula sa mga pinansyal na institusyon o third party na walang lohikal na kaugnayan sa customer o third party.



- Magpanatili ng mga kinakailangang talaan ng pagluluwas, pag-aangkat, at customs sa bawat lugar sa pagnenegosyo ng Zoetis.
- Kung makatanggap ka ng kahilingang lumahok sa isang boycott o kung tanungin ka tungkol sa posisyon ng Zoetis sa isang boycott, makipag-ugnayan kaagad sa Legal function.
- Kung may makikitang salungatan sa pagitan ng mga batas, customs, o lokal na pamamalakad, humingi ng tulong sa Legal function.
- Kumplikado ang mga sanction sa pakikipagkalakalan, kabilang ang mga pinansyal na sanction. Kung bahagi ka ng mga transaksyon, gaya ng mga pakikipagtransaksyon sa bansa, entity o taong nabigyan ng sanction, dapat mong tiyakin ang pagsunod sa mga naaangkop na batas sa pakikipagkalakalan.
- Dapat idiretso sa Legal function ang anumang tanong o alalahanin tungkol sa mga batas sa pakikipagkalakalan o sa mga nalalamang paglabag.



Matuto pa:

- Patakarang Pandaigdigang Pakikipagkalakalan

Gawaing Pampulitika

Naniniwala tayo sa karapatan ng mga empleyadong lumahok sa mga proseso sa pulitika. Hinihikayat kang maging aktibo sa mga gawaing pampulitika sa iyong sariling oras at gastos.

Pamimilit

Huwag kailanman mamilit ng ibang empleyado, customer o third party upang mag-ambag sa, sumuporta o tumutol sa sinuman/alinmang kandidato o partido sa pulitika.

- Kapag nakikipag-usap, linawin na ang iyong mga pulitikal na pananaw at pagkilos ay para sa iyong sarili lamang at hindi sa Zoetis.
- Huwag kailanman gamitin ang mga pondo, asset, o pasilidad ng Zoetis upang suportahan ang anumang kawanggawa, ipinaglalaman, kandidato o partido sa pulitika maliban kung partikular na pinapahintulutan ng batas at hayagang pinapahintulutan sa kasulatan ng Legal function.
- Ang pag-upo o pangangampanya para sa posisyon sa pulitika ay hindi dapat lumikha, o lumabas na lumilikha, ng pakikipagsalungatan ng interes sa iyong mga tungkulin sa Zoetis.
- Huwag manghingi ng mga kontribusyon o mamahagi ng pulitikal na babasahin sa mga oras ng pagtatrabaho.
- Huwag kailanman magbigay ng pangkawangga o pampulitikang kontribusyon na may layuning mang-impluwensya ng isang tao sa maling paraan.



Matuto pa:

- Patakaran sa Mga Kontribusyon sa Pulitika



Mga Kapaki- Pakinabang Na Mapagkukunan

Pag-uulat ng Alalahanin

Numero ng Safe to Say Helpline (U.S. at Canada): +1-855-322-9944

Para sa mga Numero ng Helpline sa labas ng U.S. at Canada, mag-click [dito](#)

Email: Compliance@zoetis.com

Kasangkapan sa Pag-uulat sa Web: <https://zoetis.ethicspoint.com>

Tanggapan ng Pagsunod

Compliance@zoetis.com

Opisina ng Pagkapribado

Privacy@zoetis.com

Human Resources

ZoetisColleagueServices@zoetis.com

+1-855-984-7463

Corporate Communications

ZoetisCommunications@zoetis.com

Global Headquarters at United States

+1-973-822-7000